Huwag ngang pipigil sa isang taong kabilang sa inyo ang pangangamba sa mga tao na magsalita siya hinggil sa totoo kapag nakita niya ito o nalaman niya ito."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Huwag ngang pipigil sa isang taong kabilang sa inyo ang pangangamba sa mga tao na magsalita siya hinggil sa totoo kapag nakita niya ito o nalaman niya ito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagtalumpati ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya. Kabilang sa itinagubilin niya na hindi pumigil sa Muslim ang pangamba at ang panghihilakbot sa mga tao at kapangyarihan nila na magwaksi siya ng pagsasabi ng totoo o pag-uutos nito kapag nakita niya ito o nalaman niya ito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66273